# Positibong Pagtuturo

1. Kapag tinatawag ang bata, tawagan siya sa kanyang pangalan.

2. Bumaba sa lebel ng paningin ng bata at haplusin para makuha ang atensyon nito, upang maipadama ang pagmamahal o interes sa kanyang damdamin.

3. Tuklasin ang kakaibang katangian ng bata at sabihin sa kanya ito araw-araw.

4. Tingnan at makinig sa bata kapag kailangan ka niya.

5. Ang kaasalan o kilos ay isang uri ng komunikasyon. Pagsikapang magbigay ng wastong paraan. (halimbawa: kilos, tunog, salita o larawan) para palitan ang kilos o asal.

6. Bigyan ng pagpipiliang gawain ang bata kung maari.(Unti-unting pasulungin ang pagpapahalaga ng bata sa sarili at pagpapadama ng responsibildad.)

7. Ang dapat asahan sa bata ay lebel sa progreso ng kanyang edad. Huwag pabago-bago ng turo, maging klaro at subaybayan kung siya ay nakakasunod sa direksyon.

8. Iwasang magkaroon ng problema sa paghahanda sa bata ng maaga sa oras, kaysa sa dapat na pagbabagong kalagayan.

9. Huwag pansinin ang mga kilos na hindi tama hanggat maari.

10. Kung maari ituon ang pansin ng bata sa ibang paraan ng pagtuturo na naangkop sa gawain. (halimbawa: kung ang bata ay naglalaro ng bloke, ituon sa kanya ang pagtatayo ng tore.)

11. Imodelo ang kilos at ganapin ang papel ng tauhan na gustong ipagaya sa bata.

12. Kapag nababalisa ka na, pangalanan ang gawaing gustong ihinto, at gawaing mas gusto. (halimbawa: "Walang bola sa kusina, Maglaro ng bola sa labas".)

13. Gumamit ng lohikang kilos sa mga nangyayari. Ito ay makakatulong sa pang-unawa ng bata sa resulta ng kanyang asal o kilos. (halimbawa: kapag ang bata ay nagtatapon ng laruan, alisin ang mga laruan pansamantala.)

14. Iwasang iugnay ang damdamin / pagmamahal sa mga kilos o asal na inaasahan.

15. Laging purihin ang bata sa kanyang pagsisikap.